



Fiscal General Auxiliar
950 Pennsylvania Ave, NW - RFK
Washington, DC 20530

Marso 31, 2022

Mahal na Mga Attorney General ng Estado:

Ang U.S. Department of Justice (ang Department) ay nakatuon sa pagtiyak na ang kabataang transgender, tulad ng lahat ng kabataan, ay tinatrato nang patas at may dignidad alinsunod sa pederal na batas. Kabilang dito ang pagtiyak na ang mga naturang kabataan ay hindi napapailalim sa labag sa batas na diskriminasyon batay sa kanilang pagkakakilanlan ng kasarian, kabilang dito ang kapag naghahanap sila ng pangangalagang nagpapatunay ng kasarian. Sumulat kami upang ipaalala sa inyo ang ilang mahahalagang pederal na konstitusyonal at mga obligasyong ayon sa batas na dumadaloy mula sa mga pangunahing prinsipyong ito.

Ang mga taong transgender ay madalas na madaling maapektuhan ng diskriminasyon sa maraming aspeto ng kanilang buhay, at kadalasang biktima ng mga may punteryang banta, legal na paghihigpit, at karahasan laban sa mga transgender.¹ Ang Department, at ang pederal na pamahalaan sa pangkalahatan, ay may matinding interes sa pagprotekta sa mga konstitusyonal na karapatan ng mga indibidwal na lesbian, bakla, bisexual, transgender, queer, intersex, nonbinary, o kung hindi man ay hindi sumusunod o hindi umaayon na kasarian,² at sa pagtiyak ng pagsunod sa mga pederal na batas ng mga karapatang sibil. Ang Department ay inatasan din sa koordinasyon at pagpapatupad ng mga pederal na batas na nagpoprotekta sa mga indibidwal mula sa diskriminasyon sa isang malawak na hanay ng mga programa at aktibidad na pinondohan ng pederal.³

Ang sadyang pagtatayo ng may mga diskriminasyong hadlang upang pigilan ang mga indibidwal na makatanggap ng pangangalagang nagpapatunay ng kasarian ay nagpapahiwatig ng ilang pederal na legal na garantiya. Ang mga batas at patakaran ng estado na pumipigil sa mga

¹ Tingnan, *hal.*, Michelle M. Johns et al., Ctrs. for Disease Control and Prevention, *Transgender Identity and Experiences of Violence Victimization, Substance Use, Suicide Risk, and Sexual Risk Behaviors Among High School Students—19 States and Large Urban School Districts, 2017*, Morbidity and Mortality Weekly Report 68: 67-71 (2019), https://www.cdc.gov/mmwr/volumes/68/wr/mm6803a3.htm?s_cid=mm6803a3_w (natuklasan na ang mga kabataang transgender ay nag-ulat ng mas mataas na antas ng pagiging biktima ng karahasan kumpara sa kanilang mga katulad na kabataang cisgender).

² Tingnan, *hal.*, Exec. Order No. 13,988, § 1, 86 Fed. Reg. 7023 (Jan. 20, 2021); Pamela S. Karlan, Principal Deputy Assistant Attorney General, Civ. Rts. Div., U.S. Dep't of Justice, Memorandum, *Application of Bostock v. Clayton County to Title IX of the Education Amendments of 1972* (Mar. 26, 2021), <https://www.justice.gov/crt/page/file/1383026/download>.

³ Exec. Order No. 12,250, § 1-201, 45 Fed. Reg. 72,995 (Nob. 2, 1980).

magulang o tagapag-alaga na sundin ang payo ng isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kung ano ang maaaring medikal na kinakailangan o kung hindi man ay naaangkop na pangangalaga para sa mga transgender na menor de edad ay maaaring lumabag sa mga karapatang pinoprotektahan ng parehong Mga Sugnay ng Pantay na Proteksyon at Nararapat na Proseso ng Ika-labing-apat na Amyenda. Ang Sugnay ng Pantay na Proteksyon ay nangangailangan ng mas mataas na pagsisiyasat sa mga batas na nagdidiskrimina batay sa kasarian⁴ at nagbabawal sa naturang diskriminasyon na walang "sobrang mapanghikayat" na katwiran.⁵ Dahil hindi maaaring magdiskrimina ang pamahalaan laban sa isang tao dahil sa pagiging transgender "nang walang diskriminasyon laban sa indibidwal na iyon batay sa kasarian,"⁶ ang mga batas o patakaran ng estado na nagdidiskrimina sa mga taong transgender ay dapat na "lubhang nauugnay sa napakahalagang interes ng pamahalaan."⁷

Ang isang batas o patakaran ay hindi kailangang partikular na piliin ang mga taong transgender upang mapasailalim sa mas mataas na pagsisiyasat. Kapag ang isang estado o tumatanggap ng mga pederal na pondo ay ginagawang kriminal o naghihigpit pa sa isang uri ng pangangalagang medikal na kadalasang hinahangad ng mga taong transgender, ang isang layunin na hindi pabor sa klase na iyon ay maaaring "madaling ipalagay."⁸ Halimbawa, ang pagbabawal sa mga pamamaraan, therapy, o gamot na nagpapatunay ng kasarian ay maituturing na isang uri ng diskriminasyon laban sa mga taong transgender, na hindi pinapayagan maliban kung ito ay "labis na nauugnay" sa isang napakahalagang interes ng pamahalaan.⁹ Ang pasaning ito ng pagbibigay-katwiran ay "demanding."¹⁰ Hindi kakayanin ng naturang batas o patakaran ang mas mataas na pagsisiyasat kapag "ang diumano'y layunin" ay naiiba sa "aktuwal na layunin" na pinagbabatayan ng klasipikasyon.¹¹ Bilang dagdag, pinoprotektahan ng Sugnay sa Nararapat na Proseso ang karapatan ng mga magulang "na humingi at sumunod sa payong medikal" upang

⁴ *Tingnan, hal., Grimm v. Gloucester Cnty. Sch. Bd.*, 972 F.3d 586, 610-13 (4th Cir. 2020), *inemyendahan* (Ago. 28, 2020), *reh'g en banc denied*, 976 F.3d 399 (4th Cir. 2020), *cert. denied*, 2021 WL 2637992 (Hunyo 28, 2021); *Whitaker v. Kenosha Unified Sch. Dist. No. 1 Bd. of Educ.*, 858 F.3d 1034, 1051 (7th Cir. 2017), *cert. dismissed*, 138 S. Ct. 1260 (2018); *tingnan din ang* Brief for the United States as Amicus Curiae Supporting Plaintiffs-Appellees, *Brandt v. Rutledge*, No. 21-2875 (8th Cir. Ene. 21, 2022); En Banc Brief for the United States as Amicus Curiae Supporting Plaintiff-Appellee, *Adams v. School Board of St. John's County*, No. 18-13592 (11th Cir. Nob. 26, 2021); Brief for the United States as Amicus Curiae Supporting Plaintiffs-Appellees, *Corbitt v. Taylor*, No. 21-10486 (11th Cir. Ago. 2, 2021).

⁵ *United States v. Virginia*, 518 U.S. 515, 531 (1996) ("Ang mga partido na naghahangad na ipagtanggol ang aksyon ng pamahalaan na nakabatay sa kasarian ay dapat magpakita ng isang 'labis na mapanghikayat na katwiran' para sa aksyong iyon.") (pagsipi sa *Mississippi Univ. for Women v. Hogan*, 458 U.S. 718, 724 (1982)).

⁶ *Bostock v. Clayton Cnty.*, 140 S. Ct. 1731, 1741 (2020).

⁷ *Grimm*, 972 F.3d sa 608 (pagsipi sa *City of Cleburne v. Cleburne Living Ctr.*, 473 U.S. 432, 441 (1985) (tinanggal ang mga panloob na panipi)).

⁸ *Bray v. Alexandria Women's Health Clinic*, 506 U.S. 263, 270 (1993) ("Ang ilang aktibidad ay maaaring hindi paboran nang wala sa katwiran, kung ang mga ito ay punterya, at kung nagkataon din na sila ay nakikibahagi sa eksklusibo o nakararaming isang partikular na uri ng mga tao, ang isang layunin para hindi paboran ang klaseng iyon ay madaling ipalagay.").

⁹ *Virginia*, 518 U.S. at 533.

¹⁰ *Id.*

¹¹ *Miss. Univ.*, 458 U.S. at 730.

pangalagaan ang kalusugan ng kanilang mga anak.¹² Dapat matugunan ng isang estado o lokal na pamahalaan ang mabigat na pasanin ng pagbibigay-katwiran sa pakikialam sa karapatang iyon dahil napatunayan na sa loob ng medikal na komunidad na ang pangangalagang nagpapatunay ng kasarian para sa mga kabataang transgender ay hindi lamang angkop ngunit kadalasang kinakailangan para sa kanilang pisikal at mental na kalusugan.¹³

Bilang dagdag sa mga konstitusyonal na garantiyang ito, maraming pederal na batas ang nag-aatas sa mga tumatanggap ng pederal na tulong pinansyal na sumunod sa mga kinakailangan na walang diskriminasyon bilang isang kondisyon sa pagtanggap ng mga pondong iyon. Kabilang sa mga nauugnay na batas ang:

- Ang **Seksyon 1557 ng Affordable Care Act**¹⁴ ay pumoprotekta sa mga karapatang sibil ng mga tao—kabilang ang mga kabataang transgender—na naghahanap ng walang diskriminasyong pag-access sa pangangalagang pangkalusugan sa isang hanay ng mga programa at aktibidad na pangkalusugan.¹⁵ Ang pagtanggap na gamutin ang tao batay sa kanilang pagkakakilanlan ng kasarian, halimbawa, ay ipinagbabawal na diskriminasyon sa ilalim ng Seksyon 1557. Tulad ng ipinahayag ng U.S. Department of Health and Human Services ang paghihigpit sa kakayahan ng isang indibidwal na tumanggap ng kinakailangang pangangalagang medikal, kabilang ang pangangalagang nagpapatunay ng kasarian, mula sa kanilang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan batay lamang sa kanilang kasarian na itinalaga sa kapanganakan o ang kanilang pagkakakilanlang pangkasarian ay maaari ding lumabag sa Seksyon 1557.¹⁶
- Ipinagbabawal ng **Titulo IX ng Education Amendments of 1972**¹⁷ ang diskriminasyon sa kasarian, kabilang ang panliligalig na nakabatay sa kasarian, ng mga tumatanggap ng pederal na tulong pampinansyal na nagpapatukbo ng mga programa at aktibidad sa edukasyon.¹⁸ Ang mga patakaran at gawi na tumatanggi, naglilimita, o nakakasagabal sa pag-access sa programa o aktibidad sa edukasyon ng tatanggap dahil ang mga estudyante ay transgender na menor de edad na tumatanggap ng pangangalagang nagpapatunay ng kasarian ay maaaring maging diskriminasyon batay sa kasarian na lumalabag sa Titulo IX.

¹² *Parham v. J.R.*, 442 U.S. 584, 602 (1979).

¹³ *Tingnan, hal., Brandt v. Rutledge*, 551 F. Supp. 3d 882, 891, 893 (E.D. Ark. 2021).

¹⁴ 42 U.S.C. § 18116.

¹⁵ *Tingnan, hal.*, Abiso ng Interpretasyon at Pagpapatupad ng Seksyon 1557 ng Affordable Care Act at Titulo IX ng Education Amendments of 1972, muling inilimbag sa 86 Fed. Reg. 27,984 (Mayo 25, 2021).

¹⁶ U.S. Dep't Health & Hum. Servs., *Notice and Guidance of Gender Affirming Care, Civil Rights, and Patient Privacy* (Mar. 2, 2022), <https://www.hhs.gov/sites/default/files/hhs-ocr-notice-and-guidance-gender-affirming-care.pdf>.

¹⁷ 20 U.S.C. § 1681, *et seq.*

¹⁸ *Tingnan ang Karlan, supra note 2; tingnan din ang Doe v. Snyder*, --- F.4th ---, 2022 WL 711420, at *9 (9th Cir. Mar. 10, 2022); *Grimm*, 972 F.3d at 619.

- Ang **Omnibus Crime Control and Safe Streets Act of 1968**¹⁹ ay nagbabawal sa diskriminasyon sa kasarian sa ilang partikular na programa at aktibidad sa pagpapatupad ng batas na tumatanggap ng tulong pinansyal ng pederal.²⁰ Kung kinukustodiya ng isang ahensyang nagpapatupad ng batas ang isang transgender na menor de edad na tumatanggap ng pangangalagang nagpapatunay ng kasarian o inaresto ang mga magulang ng bata dahil sa hinalang pang-aabuso sa bata dahil pinahintulutan ng mga magulang ang naturang pangangalagang medikal, maaaring lumalabag ang ahensyang iyon sa probisyon ng batas na walang diskriminasyon.
- Pinoprotektahan ng **Seksyon 504 ng Rehabilitation Act of 1973**²¹ ang mga taong may mga kapansanan, na maaaring kabilang ang mga indibidwal na nakakaranas ng gender dysphoria.²² Maaaring lumabag sa Seksyon 504 ang mga paghihigpit na pumipigil, naglilimita, o nakakasagabal sa pag-access ng mga kwalipikadong indibidwal sa pangangalaga dahil sa kanilang gender dysphoria, diagnosis ng gender dysphoria, o pang-unawa ng gender dysphoria.

Dapat malayang ma-access ng lahat ng tao ang mga serbisyo, programa, at aktibidad na sinusuportahan ng pederal na tulong pampinansyal nang walang takot na maaari silang maharap sa labag sa batas na diskriminasyon sa paggawa nito. Ipinagpalagay ng mga korte na maraming batas na walang diskriminasyon ang naglalaman ng ipinahiwatig na dahilan ng aksyon para sa paghihiganti batay sa pangkalahatang pagbabawal laban sa sinadyang diskriminasyon, at nilinaw ito ng mga ahensya sa mga regulasyon.²³ Kaya, ang anumang pagkilos ng paghihiganti ay

¹⁹ 34 U.S.C. § 10101, *et seq.*

²⁰ *Tingnan ang* 34 U.S.C. § 10228(c)(1); Kristen Clarke, Assistant Attorney General, Civ. Rts. Div., U.S. Dep’t of Justice, Memorandum, *Interpretasyon ng Bostock v. Clayton County hinggil sa mga probisyon ng walang diskriminasyon ng Safe Streets Act, ang Juvenile Justice and Delinquency Prevention Act, ang Victims of Crime Act, at ang Violence Against Women Act* (Mar. 10, 2022), <https://www.justice.gov/crt/page/file/1481776/download>.

²¹ 29 U.S.C. § 794. Dagdag pa rito, ang Titulo II ng Americans with Disabilities Act ay nagpapalawak ng mga proteksyon sa karapatang sibil para sa kapansanan kaugnay ng lahat ng programa, serbisyo at aktibidad ng estado at lokal na pamahalaan, anuman ang pagtanggap ng pederal na tulong pampinansyal. *Tingnan ang* 42 U.S.C. § 12132.

²² *Tingnan, hal., Doe v. Penn. Dep’t of Corrections*, No. 1:20-cv-00023-SPB-RAL, 2021 WL 1583556, at *12 (W.D. Pa. Feb. 19, 2021), pinagtibay ang ulat at rekomendasyon sa kaugnay na bahagi, 2021 WL 1115373 (W.D. Pa. Marso 24, 2021); *Lange v. Houston Cnty.*, 499 F. Supp. 3d 1258, 1270 (M.D. Ga. 2020); *Doe v. Mass. Dep’t of Correction*, No. 1:17-cv-12255-RGS, 2018 WL 2994403 at *6 (D. Mass. Hunyo 14, 2018); *Blatt v. Cabela’s Retail, Inc.*, No. 5:14-CV-04822, 2017 WL 2178123 (E.D. Pa. Mayo 18, 2017).


²³ *Tingnan, hal., Jackson v. Birmingham Bd. of Ed.*, 544 U.S. 167, 173 (2005) (“Ang paghihiganti sa isang tao dahil ang taong iyon ay nagreklamo ng diskriminasyon sa kasarian ay isa pang anyo ng intensiyonal na diskriminasyon sa kasarian...”). Kasama sa mga halimbawa ng mga regulasyon ng ahensya na nagbabawal sa paghihiganti ay ang 24 C.F.R. § 1.7(e) (Dep’t of Housing and Urban Development); 34 C.F.R. § 100.7(e) (Dep’t of Education); 38 C.F.R. § 18.7(e) (Dep’t of Veterans Affairs); at 45 C.F.R. § 80.7(e) (Dep’t of Health and Human Services). Ang iba pang nauugnay na mga regulasyon ay matatagpuan sa Titulo VI ng Legal na Manwal ng Civil Rights Division. Civ. Rts. Div., U.S. Dep’t of Justice, *Title VI Legal Manual, Section VIII*, <https://www.justice.gov/crt/book/file/1364106/download>.

maaaring magbunga ng independiyenteng legal na pag-angkin sa ilalim ng mga proteksyong inilarawan sa itaas.

* * *

Salamat sa inyong patuloy na suporta sa pagpapabuti ng kapakanan ng mga bata at kanilang mga pamilya. Palaging bukas ang Department upang tumulong na matiyak na ang estado at lokal na pamahalaan, na marami sa mga ito ay tumatanggap ng pederal na tulong pampinansyal, ay nakakatugon sa kanilang mga obligasyon sa ilalim ng pederal na batas. Mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa Civil Rights Division ng Department para sa tulong kung mayroon kang mga dagdag na katanungan.

Lubos na gumagalang,



Kristen Clarke

Assistant Attorney General

Civil Rights Division

U.S. Department of Justice